# CITY OF CARSON

March 2, 2016

Mahal na Residente ng Carson,

RE: Walang Bayad na Pagpapabuti sa Tahanan para Makatipid ng Enerhiya

Ang Lungsod ng Carson at Maravilla Foundation ay kasama ng Southern California Gas Company para magbigay ng kaalaman tungkol sa mga programa na walang bayad para makatipid ng enerhiya. Ang programang ito ay, BASE SA KITA, mapapakinabangan ng mga nangungupahan o/at may-ari ng bahay sa komunidad ng Carson.

Ang Maravilla Foundation ay isang *non-profit* organisasyon na nilikha noong 1967. Mula 1987 ang Maravilla Foundation ay naging kasama ng Southern California Gas Company sa paglilingkod sa 10,000 bahay bawat taon sa pagbibigay ng malawakan at walang bayad na gawaing-panlipunan para sa mga nangungupahan o may-ari ng bahay na merong mababa o katamtamang kita. Ang programang ito ay pinondohan at pinangangasiwaan ng Southern California Gas Co.

Para sa karagdagang insentibo sa City's Neighborhood Pride Program, ang Lungsod ng Carson at Maravilla Foundation ay nagkaisa upang matulungan kayong makatipid at madagdagan ang ginhawa sa tahanan sa pamamagitan ng walang bayad na programa ng *weatherization* na handog ng SoCalGas.

Ang ilan sa mga improvements na maaaring kasama sa programa ay:

- Attic insulation (Pambara ng init sa pagitan ng kisame at bubong)
- Door weather-stripping (Paniksik sa gilid ng pintuan)
- Caulking (Paniksik sa mga puwang)
- Water heater blankets (Mga blanket sa pambalabal sa pampainit ng tubig)
- Low flow showerheads (Mga pampahina ng daloy ng mga dutsa)
- Duct testing and sealing (Pagsusuri at pagselyado ng daluyan ng hangin)
- Minor home repairs (Maliit na pagkumpuni sa bahay)
- Limited appliance repair or replacement (owner-occupied only)
  Limitadong pagkumpuni o pagpalit ng *appliance* (para sa bahay na ukupado ng may-ari lamang)

Huwag palampasin ang oportunidad na ito. Siguraduhin na pakinabangan ang napakagandang programa na puedeng makakatulong sa inyong tahanan para makatipid sa pag-gamit ng enerhiya. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa programa, tawagan ang Maravilla Foundation sa 1(855) 461-4045. Para tuwirang magtanong sa SoCalGas tungkol sa mga programang ito, pumunta po kayo sa: https://www.socalgas.com/save-money-and-energy/assistance-programs.

Maraming salamat sa pagkakataong mapaglingkuran kayo.

Buong katapatan,

Kenneth C. Farfsing
City Manager

SoCalGas

A Sempra Energy utility

ENERGY SAVINGS ASSISTANCE PROGRAM

# MAGTIPID NG PERA AT ENERHIYA

Samantalahin ang magagamit na walang bayad na pagtitipid na enerhiya sa pagsasaayos ng bahay na mga serbisyo para sa mga karapat-dapat na mga nangungupahan at mga may-ari ng bahay sa pamamagitan ng Energy Savings Assistance Program ng SoCalGas®.

## PARA MAGING KARAPAT-DAPAT, DAPAT MATUGUNAN NG UMUUPA ANG ISA SA DALAWANG KINAKAILANGAN NA IPINAKITA SA IBABA:

### 1 PAMPUBLIKONG TULONG NA MGA PROGRAMA:

Kung tumatanggap kayo o ang isa pang tao sa iyong sambahayan ng mga benepisyo mula sa anumang mga sumusunod na programa:

- Medi-Cal/Medicaid
- Medi-Cal para sa mga Pamilyang A & B
- Women, Infants & Children (WIC)
- CalWORKs (TANF)[1] o Tribal TANF
- Head Start Income Eligible – Tribal Lamang
- Bureau of Indian Affairs General Assistance
- CalFresh (Mga Stamp ng Pagkain)
- National School Lunch Program (NSLP)
- Low Income Home Energy Assistance Program (LIHEAP)
- Supplemental Security Income (SSI)

[1] Kasama ang Welfare-to-Work

←0→

### 2 PINAKAMATAAS NA KITA NG SAMBAHAYAN:

(may bisa mula Hunyo 1, 2015 hanggang Mayo 31, 2016)

| Bilang nga Tao sa Sambahayan: | Kabuuang Taunang Kita‡ bago ng buwis at lahat ng ibabawas ay di lalampas sa: |
|---|---|
| 1-2 | $31,860 |
| 3 | $40,180 |
| 4 | $48,500 |
| 5 | $56,820 |
| 6 | $65,140 |
| 7 | $73,460 |
| 8 | $81,780 |
| Para sa bawat karagdagang miyembro ng sambahayan, magdagdag ng | $8,320 |

‡Kasama ang kasalukuyang kita ng sambahayan mula sa lahat ng mapagkukunan bago ang mga pagbabawas

### MAAARING KABILANG SA MGA PAGSASAAYOS NA IBINIGAY SA MGA KARAPAT-DAPAT NA NANGUNGUPAHAN * AT MGA MAY-ARI NG BAHAY ANG**:

- Weather-stripping [paniksik sa gilid] sa pintuan
- Caulking [paniksik sa mga puwang]
- Mga aerator [pampabula] sa gripo
- Mga pampahina ng daloy ng mga dutsa
- Maliit na pagkumpuni sa bahay

### ANO ANG IYONG MAAASAHAN PAGKATAPOS NA TUMAWAG?

- Isasangguni ka sa kontraktor ng Energy Savings Assistance Program sa iyong lugar.
- Mag-i-schedule ang kontraktor ng appointment sa Energy Savings Assistance Program para sa pagbisita sa yong bahay.
- Sa pagbisitang pambahay, tutulong sa iyo ang kontraktor na pumunta sa iyong bahay na tukuyin kung karapat-dapat ka† sa programa at, kung oo, tutulungan ka na kumpletuhin ang lahat ng kinakailangang mga papeles. Makakatanggap ka rin ng mga payo kung paano ka makakatipid sa enerhiya.
- Kung natugunan ng iyong bahay ang mga kinakailangan sa pagiging karapat-dapat, mag-i-schedule ang kontraktor ng Energy Savings Assistance Program ng petsa para sa instalasyon ng pagsasaayos ng bahay.
- Pagkatapos ng mga instalasyon, tatawagan ka ng kontraktor sa inspeksyon upang i-schedule ang kasunod na pagbisita upang tiyakin na nasagawa nang tama ang lahat ng pagsasaayos.

Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa napahintulutang kontraktor ng SoCalGas o bisitahin ang**socalgas.com** (hanapin ang *"ENERGY SAVINGS ASSISTANCE PROGRAM"*), o tumawag sa 1-800-331-7593.

Selyo ng Kontraktor

Maravilla Foundation
Gil Malijen
Outreach Manager
(323) 728-1585
(323) 833-0454
E-mail: Gil@maravilla.org

Energy Savings Assistance Program

* Kailangan ng lahat ng umuupa ng nakasulat na pahintulot galing sa mga may-ari ng ari-arian para makatanggap ng mga serbisyo ng programa.

**Magagamit ng mga karapat-dapat na may-ari ang mga serbisyo sa pagkukumpuni o pagpapalit ng bahay kung waring hindi gumagana o mapanganib ang ginagamit na mga yunit ng gas.

† Kailangan mong bigyan ang kontraktor ng Energy Savings Assistance Program ng patunay ng paglahok sa karapat-dapat na (mga) programa na pampublikong tulong o kabuuang taunang sahod ng sambahayan.

Pinopondohan ang programang ito ng mga kustomer ng mga utilidad ng California, at pinangangasiwaan ng Southern California Gas Company sa ilalim ng mga pagtangkilik ng California Public Utilities Commission. Walang responsibilidad ang Southern California Gas Company sa anumang mga prpdukto at mga serbisyo na pinili ng kustomer. Ang mga kustomer ay hindi obligadong bumili ng anumang karagdagang mga produkto o serbisyo mula sa kontraktor.

© 2015 Southern California Gas Company. Trademarks are property of their respective owners.
All rights reserved. Some materials used under license, with all rights reserved by licensor.

Printed on recycled paper with soy-based ink.
N15H0082B 0515 XK